# BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 12 10.00 DECEMBER 19 - 25, 2022


## Smart releases SIM Registration FAQs for all Smart and TNT customers

IN preparation for the start of SIM Registration on Dec. 27, Smart Communications, Inc. has released its initial list of Frequently Asked Questions (FAQs to guide all Smart and TNT subscribers.

If you are a Smart Prepaid, Smart Postpaid, Smart Bro, TNT, or Enterprise customer, here's what you need to know about SIM Registration to make sure you continue to experience the Philippines' Best and Fastest Mobile Network, as recognized by Ookla:

1. What is SIM Registration?

Republic Act No. 11934 mandates all SIM users, both existing and new, to register their SIMs with their current Telcos.

2. Why do I need to register my SIM?

The SIM Registration Law aims to protect users from any SIM, Internet or Electronic communication aided crimes such as, but not limited to terrorism, text scams, unsolicited, indecent or obscene messages, bank fraud, libel, anonymous online defamation, trolling, hate speech and spread of digital disinformation or fake news.

3. SIM Card Registration for New Users

Starting Dec. 27, new SIM cards will require SIM registration prior to activation. The following information will be collected:

Full name
Birthday
Sex
Present or official address
ID and ID number

A liveness check or selfie photo will be required for validation

Businesses or organizations will be required to provide the following: See page 2

## GMA, waging Rank 2 in Innovation Pillar ng DTI



Maraming salamat po: Mayor Maricel E. Torres

Sundan sa p.2

# Mayor Salamat: 2 akusado ng Cyber Libel, pinatawad



*Kung ang Diyos ay nagpapatawad, tayo pang tao lamang: Mayor Salamat*

**ni DOMZ B. CAOILE –** Pagmamahalan, pagbibigayan at pagpapatawaran.

Pinatototohanan ito ni Alfonso Mayor Randy Salamat nang igawad ang pagpapatawad sa tinawag niyang Kuya Gredell at Ate Cel sa official Facebook page niya kamakailan.

Nitong Disyembre 15, naglabas ng Public Apology sina Gredell Saliendra Jeiel at Maricel Anonuevo Varias na akusado sa apat (4) at isang (1) kaso ng paglabag sa Cyber Libel (Republic Act No.10175) sa Regional Trial Court (RTC) Branch 133 sa Tagaytay City.

"Tayo po ay tao rin, marunong magpatawad. Damhin po natin ang diwa po ng pasko… ang pagmamahalan, pagbibigayan at pagpapatawaran," sabi ng alkalde sa kanyang FB post.

Nag-ugat ang kaso, ayon sa public apology nin Gredell at Cel nang magpost sila sa social media noong Pebrero 2022 na paninira laban kay Mayor Salamat.

"Kami po ay nagpapakumbaba at para mailabas ang katotohanan, ay humihingi ng kapatawaran para sa mga pinost na libelous publications sa Facebook laban kay Mayor Randy A. Salamat...," sabi nina Varias at Jeiel.

Inamin ng dalawang akusado na naudyukan sila ng "isang tao" -- na hindi tinukoy kung sino at ano ang pangalan -- na magpost ng makasisira sa pagkatao at reputasyon, at sa pangalan at dignidad ni Mayor Salamat.

"Alam namin na ang mga pinost namin ay walang katotohanan at basehanat nagawa lang ito dahil sa aming maling desisyon ..." sabi sa Public Apology.

Inamin ng dalawa na "hindi dapat namin ito ginawa" at "alam namin na hindi na maibabalik ang aming nagawang sira sa pangalan ni Mayor Salamat."

Sa sulat na may lagda sa ilalim ng kanilang mga pangalan, sinabi nina Gredell at Cel na "kami ay humihingi ng kapatawaran at umaasa na kami at patawarin nya."

Ito ang sinabi ni Mayor Salamat sa paghingi ng kapatawaran ng dalawa: "Magsilbing aral po sana sa bawat isa sa atin na wag na wag po tayong magpapagamit sa mali na posibleng ikapahamak ng ating kapwa.

" Mahalan lang po dapat lagi. God bless us all po at salamat rin po sa inyong pagpapakumbaba kuya gredell at ate cel."

Sa social media, uamni ng maraming papuri at paghanga ang pagpapatawad ng alkalde, gayunman, walang binanggit kung iuurong ang mga kasong cyber libel laban sa dalawang akusado.

Sabi ni Ariesha Avinante: "Yan ang tunay n mayor di mpagtanim...gud luck po mayor ....mbuhay po kau...merry christmas po."

"Ganyn ang mayor dto samin sobrang laki ng kanyang pang unawa..at pagmamahal sa kapwa nya..," sabi ni Otcer Gzeht.

Saludo ang ibinigay ni Ronnie De Dios Marco na sinabi: ".... asahan nyo pong patuloy nyong Kaisa ang AMF (Alfonso Ministerial Fellowship Inc.) sa pananalangin."

Paalaala ang sinabi ni Omzmina Legaspi, "What has been done is done. Irresponsible people are those who utter degrading words in intention of harming someone's reputation especially a respectable one and loved by so many in a community. Forgiveness can be given, but the damage has been done...."

Sana ay magsilbing aral yan, sabi naman ni Lorna Hubilla.

Madamdamin ang post ni Edwin Faller: "Tama po mayor kung nd natin patatawarin

*Sundan sa pahina 8*



Pres. Bongbong Marcos





Rep. Luis Ray Villafuerte

# MIF to improve lives of all Filipinos: Rep. Luis Ray Villafuerte

**by HENRY E. CAOILE –** The proposed Maharlika Investment Fund (MIF) would help President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. priority development programs designed to improving the lives of all Filipinos.

Camarines Sur Rep. Luis Raymund Villaferte said that the MIF would finance big-ticket infrastructure works and other priority development programs if the current government.

The Bicolano lawmaker appealed to all Filipinos to give House Bill (HB) 6608 a chance and wait for the Congress to hammer out what was described as the "perfect" version of this sovereign fund.

Villafuerte added that the people should give the proposed sovereign fund aa try.

"Let Congress come up with a bill acceptable to the people and with the proper safeguards," he said.

Speaker Martin Romualdez, meanwhile, welcomed the recent nationwide survey showing that half of Filipinos support the fund's creation.

He said that the sovereign wealth fund as proposed is intended to benefit future generations of Filipinos.


Bangkito RESTAURANT
Bangkito Imus, Cavite
(LIKOD NG SIMBAHAN)
GOTO, MAMI PARES, ARROZCALDO
TAPSILOG, TOCILOG, LONGSILOG,
HOTSILOG, LECHON KAWALI
SKINSILOG, CORNSILOG, SPAMSILOG
BACONSILOG, DANGGITSILOG

# Mayor Aguinaldo wishes Kawiteños a great festive season this Christmas and a happy, safe, prosperous New Year 2023

**by ERIC I. SANTOS –** This was the simple Christmas wish from Mayor Emilio Angelo to all Kawit residents, their visitors who are taking time off from work and to all health frontliners, peace and order officers who are task to maintain peace and order in the community through the holiday seasons.

"We in the local government trust that you will use this period to relax with family, friends and neighbors. Sa ating mga pulis, fire officer, mga medical health frontliners, and other law enforcement officers, maraming salamat sa inyong pagsasakripisyo na kami ay mabigyan ng kapayapaan at ligtas na kapaligiran ngayong pagdiriwang ng Kapaskuhan," Mayor Aguinaldo said.

He urged the public to please do everything to support the efforts of law enforcement agencies.

"Para po ito sa kaligtasan nating lahat," Mayor Aguinaldo said and advised motorists to adhere to all traffic regulations to avoid accidents during the holiday celebrations.

"'Wag pong maging pasaway, " he said and advised pedestrians to adhere to the rules of the road.

"Sa ating mga drivers, maintain the speed limit, ingatan po ang mga taong tumatawid sa bangketa at sa mga kalye. Please, do not drink and drive," Mayor Aguinaldo said.

To the youth, " avoid



Mayor AGUINALDO

illegal drugs, intoxicating drinks."

To the parents, the mayor said,"Let us protect our children, they are our future, ingatan ang ating kababaihan, the elderly and those with disabilities. Gawin nating mapayapa at masaya, at ligtas ang Kapaskuhan at ang darating na Bagong Taon 2023."

Mayor Aguinaldo said that despite the Covid-19 pandemic, the Kawit local government for the past two years has also made great strides in delivering the best public services to the the citizens of Kawit.

He thanked the Sangguniang Pambayan, all heads of offices and all government employees for helping his administration in making a difference in the lives of the people of Kawit by providing the essential services and in the introduction of important social and economic programs in the locality.

"Let us work together, let us continue to build Kawit into a progressive municipality. I wish you all a great festive season and a happy, prosperous new year," Mayor Aguinaldo said.

# Ngayon ang tamang panahon na mamuhunan sa Bulacan

**ni ADELA R. ZAMORA –** Sa mahigit na apat na taon, sa kabila ng perwisyong dala ng Covid-19 pandemic, hindi napigil ang pagyabong ng buhay at kabuhayan sa Bulacan.

Malakas pa nga ang loob na hinikayat ni Gov. Daniel Fernando sa mga investor, "... na ngayon ang tamang panahon para mamuhunan sa lalawigan ng Bulacan."

May nailatag nang maraming insentibo, maluwag at mas mabilis na pag-apruba ng aplikasyon at oportunidad sa negosyo ang pamahalaang panlalawigan, kaya sa ginanap na First Bulacan Chamber od Commerce and Industry (BCCI) Governor's Ball, sinabi ni Gov. Fernando na "ngayon" na ang tamang panahon upang magtiwalang mamuhunan sa Bulacan.

At sa magtitiwala, matapat na sinabi ni Gov. Fernando na mahigpit ang gagawin niyang pagbalikat at pagkapit-bisig, magagawa niya na maging sentro ng pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa ang Bulacan.

Kung ganyan ang pangako, naniniwala ang pahayagang ito, BantayBalita, hindi lamang negosyanteng Bulakenyo ang maeengganyong mamuhunan sa Bulacan.

Ginanap ang First BCCI Governor's Ball sa Grand Hyatt Manila, Bonifacio Global City, Taguig noong Martes, Dis. 13, bilang suporta sa Pamahalaang Panlalawigan sa layuning mapalakas ang pagnenegosyo sa lalawigan.

Sa aktibidad na ito na pinamunuan ni Ma. Cristina C. Tuzon, BCCI Chairman ng Board of Trustees, inumpisahan ang fund-raising projects na itutulong ang malilikom na salapi sa mga dumalong negosyante upang mapalago pa ang kanilang negosyo.

May ilulunsad din ang BCCI na mga proyektong magsusulong ng mga programang magpapalago sa Micro, Small and Medium Enterprises sa Bulacan, kabalikat ang mga lokal na pamahalaang lungsod at bayan ng Bulacan.

Bukod sa paghikayat sa mga investor, ibinida rin ni Gov. Fernando ang ilan sa maraming parangal at pagkilala sa lalawigan, tulad ng ang Hall of Fame Award para sa Local Revenue Generation mula sa Department of Finance - Bureau of Local Government Finance; Most Business-Friendly LGU Award at 10th Place sa Cities and Municipalities Competitiveness Summit ng Department of Trade and Industry.

Wika ng gobernador. patotoo ang mga parangal na ito sa mga nararanasang tagumpay ng sektor ng industriya at ekonomiya sa Bulacan.

"Patunay na po ang mga parangal na ating nakamit. Atin pong ibinabalik ang mga ito sa ating mga minamahal na Bulakenyo sa pamamagitan ng patuloy na pagtugon sa kanilang mga pangangailan, pagbibigay ng sapat na job opportunities at pagsuporta sa ating mga negosyo," ani Fernando.




*"Magkapit-bisig tayo," paanyaya ni Gov. Daniel Fernando sa mga negosyante na mamuhunan sa Bulacan.*

# GMA, waging Rank 2 in Innovation Pillar ng DTI

**ni LOD BELTRAN –** Kinilala ang pamahalaang lokal ng General Mariano Alvarez sa husay sa pamamahala, kasiglahan ng ekonomya(dynamism), impraestruktura, katatagan at malikhaing pagbabago (innovation) ayon sa ginawang Innovation Pillar of the Cities and Municipalities Competitiveness Index Ranking (CMCI) ng Department of Trade and Industry.

Iginawad sa GMA ang Rank 2, ayon sa CMCI sa aktibdad na ginanap nitong Disyembre 14, sa ginanap na Provincial Competitiveness Awards sa General Trias City.

Labis na pinasalamatan ni GMA Mayor Maricel Torres ang CMCI sa pagkilala at pagpuri sa mga lokal na opisyal ng bayan kaya natamo ang nabanggit na award.

Layunin ng CMCI na kilatisin at kilalanin ang husay ng mga lokal na pamahalaan sa buong bansa at matulungang mapalakas at mapasigla at mapahusay ang paglilingkod sa mamamayan.




# Smart releases...

from page 1

Business name
Business address
Full name of authorized signatory

Beginning Dec. 27, subscribers can register for FREE through .

4. SIM Card Registration for Existing Users

Smart Prepaid, Smart Bro, and TNT subscribers must register through . Registration is FREE.

Smart Postpaid subscribers will be notified and will be asked for their confirmation. The customer details and documents they have provided when they subscribed to Smart service/s will suffice.

Enterprise Customers will be notified and will be asked for their confirmation to register their existing information with Smart thru their authorized signatories.

5. SIM Card Registration for Minors

For minor end-users, the registration of the SIM shall be under the name of the minor's parent or guardian.

6. SIM Card Registration for Foreign Nationals/Tourists

Foreign nationals are required to give the following information:

Full name
Nationality
Birthday
Passport
Address in the Philippines
Type of travel or admission document presented
ID number or number of document presented

SIM cards of tourists will only be valid for 30 days, to be deactivated upon expiration.

Foreign nationals with other types of visas an acquire SIM cards without the 30-day restriction.

7. How many SIM cards can I register?

There is no limit to the number of SIMs you can register.

Learn more about SIM Registration by following Smart and TNT official social media accounts. #SmartSIMReg.

# Sana, maging kuya kita, Kuya Mon Tulfo



THE PUBLISHER

by Henry E. CAOILE

NO doubt, love ni Kuya Ramon (Mon) Tulfo si Utol Erwin, kaya pinayuhan niya ito, 'wag kumapit na parang barnacle (taliptip, talukabkab) sa pwesto matapos na hindi siya makumpirma ng Commission on Appointments (CA) bilang DSWD secretary.

Imbes na mag-'Thank you,' kay Kuya Mon, iba ang naging tono ni Sec. Erwin na ito ang sinabi sa kanyang Facebook post: "Whatever the statement of our brother, Ramon Tulfo, in his (newspaper) column and Facebook page lately, does not reflect, nor share, my sentiment and that of the entire Tulfo family. His opinion and views are his alone."

nito kungdi ang mga netizen na kontra sa kanya, at may nagkomento raw na dapat ipatawag sina Raymart Santiago at Claudine Barretto para muling ipabugbog ang 'matandang Tulfo'.), aba inayawan pa ni Erwin?

Aba kung ako 'yun, pasasalamatan ko si Kuya Mon, na kahit ayaw ko ang pinagsasabi niya sa mga miyembro ng CA -- na tinawag ni Kuya Mon na 'ungrateful buggers.'

Imagine sa pagmamahal ni Kuya Mon, murahin na santambak na gago, hindoropot o mga tarantado ang CA. (Walang isang salitang katapat ang bugger sa Tagalog/Filipino).

Hirit ni Kuya Mon: ""If they don't appreciate what you've been doing at the Erwin did not appreciate what the love and sentiment of his 76-year old Kuya Mon.

Kung i-aappoint uli ni PBBM si Erwin, no comment pa ang Malakanyang.

Sa totoo lang, super sa ganda ang ginawa at ginagawa pa ni Erwin sa



Nang mabasa ko ito, naawa ako kay Kuya Mon, kasi, parang ni-reject, ay oo nga, minasama pa ni Sec. Erwin ang malasakit ng 'nag-uulyaning kuya", kasi raw, siya at ang buong pamilya Tulfo (kasama kaya rito ang mga anak ni Kuya Mon?) ay hindi kaisa sa sama ng loob nito.

Ang opinyon daw, ang paniniwala ni Kuya Mon ay sa kanya lamang at hindi ng kanilang buong pamilya!

Nagmamalasakit na si 'Ulyaning' Mon (hindi ako ang maysabi DSWD, why stick to your post like a ship barnacle?"

Kung di raw nagugustuhan ng CA ang magagandang ginagawa ni Sec Erwin sa DWSD, e bakit siya magkukumapit na tulad ng talukabkab sa barko?

Kung may kuya ako na tulad ni Kuya Mon, yayakapin ko siya, at sasabihin: "Maraming-maraming salamat, Kuya ko, love, love you!"

Ramon -- the oldest among Tulfo brothers, including Sen. Raffy and Ben 'Bitag' -- is to my mind a true-blooded brother's keeper, but 58-year old DSWD at sana ay i-appoint uli siya.

Sinusulat ko ito, wala pa akong naririnig o nababasang komento ni Sen. Raffy at Ben Bitag at sana, sana, mag-sorry si Erwin kay Kuya Mon.

Ay kahit pa nag-uulyanin si Kuya Mon -- na sa paniniwala ko ay napakatalas pa ang isip at makamandag pa ang dila -- kampi ako sa kanya.

Sana ay may kuya ako na tulad ni Kuya Mon, kaso wala e.

Pwede bang ikaw na lang ang maging kuya ko, Kuya Mon Tulfo?

# Mabuhay po kayo riyan sa TESDA

Sa maraming kababayan natin, kasama na ako, nakikita na mas maganda ang oportunidad na umasenso sa buhay kung makapagtatrabaho sa ibang bansa at nakita naman natin, marami ang naging maalwan ang buhay sa matiyagang pag-ipon ng kanilang kinita bilang OFWs.

May mga loko-loko naman kompanya at tao na sinasamantala ang 'pagkabaliw' na mag-immigrate sa Canada, US, Middle East countries at iba pang first world countries kasi, mas maganda ang opportnities na umunlad.

Pero ang nangyayari, hindi angkop sa trabaho sa ibang bansa ang natatapos na college degrees ng marami nating kabataan, kasi, sa ibang bansa, mas tinitingnan ang skills, experience, abilidad, hindi ang diploma at mataas na grades.

Sabi nga ng aming editorial consultant, Kuya Eli Taparan (aka Lukas da Silva) na permanent resident ngayon sa Vancouver, mas mabilis matanggap sa trabaho ang mga welder, electrician, carpenter, painter, fabricator at driver ng malalaking trak, at operator ng machines.

E, booming ang industrial and construction business sa Canada at isa iba pang bansa sa North America.

Kahit hindi HS graduate, basta magaling sa manual at skills labor, tanggap agad at bigtime ang sahod per hour, mula 30 to 45 canadian dollars per hour.

Aba, parang sahod ng isang nars at kung masipag, kayang-kaya ang kumita ng malinis na income na 100K Canadian dollars!

Kaya sabi ni Kuya Eli, yung mga nais mag-Canada, kumuha ng kurso na tulad ng welding, practical narsing, medical lab technician, at katulad; painting, electrical installation, carpentry at pagmamason at iba pang tungkol sa construction industry.

E, wala raw pambayad sa school, e di mag-enrol sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) na sa pagkaalam ko, yung mga LGUs at ahensiyang ito ay nagbibigay ng free training sa mga nais matuto.

Kaya hindi tayo na-surpries na ito TESDA ay tumanggap ng highest approval and trust ratings among government



AY, BUHAY

by Liza Fe BONETE

agencies. ayon sa PAHAYAG 2022 End of the Year (P-EOY 2022) survey na ginawa ng PUBLiCUS Asia.

Mula sa dating 68 percentm tumaas ng 72 percent ang pagtitiwala ng publiko sa o TESDA sa rating ng nakaraang third quarter survey.

Our congratulations to TESDA and to second ranked natinge Armed Forces of the Philippines (AFP), 68 percent at Department of Education (DepEd), Department of Social Welfare and Development (DSWD), and Department of Tourism (DOT), na kapwa nagtamo ng 65 percent.

To TESDA Director General Danilo P. Cruz at mga kasama sa ahensiya, we here at BantayBalita express our sincerest congratulations... Mabuhay po kayo.

@@@

'Wag na tayong magreklamo kasi lahat naman ay biktima ng inflation at pagtaas ng halaga ng lahat ng essential commodities, e sa England nga, for the first time in 100 years, nagwelga ang mgka nars duon kasi hindi na kaya ng sinasahod nila ang mabuhay nang maayos duon, at isiping First World Country ang Inglatera ni King Charles.

Mag-umpisa na tayo na mag-home at backyard gardening at nang makatipid sa pagbili ng sibuyas, kamatis at iba pang gulay na kayang mapatubo at mapag-anihan natin ng pagkain.

Sana po, ang mga local agriculture office ng ating LGUs dito sa Cavite ay magpakalat ng kanilang mga personnel para maturuan kaming mga taumbahay at maliliit na negosyante na magtanim sa mga paso, basyong dram at kung saan-saan may mapagtataniman ng gulay.

Kilos na po.

# 5 pulis sinipa sa serbisyo

ni LOD BELTRAN -- Inilabas na ng Philippine National Police (PNP) ang dismisall order sa limang pulis na sangkot sa pagkidnap sa isang e-sabong (online cockfighting) executive sa Laguna noong nakaraang taon.

Ayon kay Police Col. Jean Fajardo, tagapagsalita ng PNP, pinirmahan ni Director General Rodolfo Azurin Jr. ang pagsibak sa serbisyo laban sa limang pulis, ayon sa rekomendasyon ng Internal Affairs Service (IAS).

Grave conduct ang sinabing dahilan ng pagsipa sa PNPP kina Police Staff Sgt. Daryl Panghangaan, Patrolman Roy Navarette at Rigel Brosas, ito ay matapos na makakita ng mabigay na ebidensiya at paniniwala na sangkot sila sa mga kasong robbery and kidnapping.

Kahit na nakalibre sa mga kasong kriminal, dinismis din sa serbisyo sina Police Lt. Henry Sasaluya at Police Master Sergeant Michael Claveria, ayon kay Col. Fajardo.

Ang limang pulis ay nasa kamay ng Police Regional Office 4A or Calabarzon (Cavite, Laguna, Rizal, Batangas, Quezon) para harapin ang mga kaso laban sa kanila sa piskalya.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Publisher: HENRY E. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Executive Editor: DOMZ B. CAOILE
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
LUKAS DA SILVA
GENE T. TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
Batangas Correspondent: JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Thank you po, LGU chief executives, DepEd families for your constant support: Sir Rolly Turica




## *Despite the pandemic, TRR Educational Supplies Trading persists*

**by DOMZ B. CAOILE –** In his aspiring message during the Year-End Party, President and General Manager Rolly Turica of Trending Reading Reference Educational Supplies Trading (TRR Educational Supplies) thanked his ever-loyal staff for helping him find ways to adapt and stay resilient during these unprecedented times.

Only the spirit of entrepreneurialism gave Sir Rolly the strenght to continue his small business which at present, he said: " ...ay unti-unti na pong nakababangon at nakababawi ng sigla at kabuhayan sa ating mga kasama sa hanapbuhay."

Sir Rolly said he put up TRR Educational Supplies, for his desire to help former employees of Grolier International Philippines who lost their income opportunities during the height of Covid-19 pandemic.

"Dahil sa pandemic, natigil ang ating operation," Sir Rolly said, "at ito ay nagbunga ng kawalan ng kita ang ating mga kasama."

Small business owner like Sir Rollyremain optimistic that with the help of former Grolier employees whom he hired, they will overcome any present and future obstacle with the right resources and preparedness.

Amidst the pandemic, the TRR Educational Supplies in only about more than two years was able "to stand stable" and now, according to one of his staff told BantayBalita that this coming year 2023, "Sir Rolly is optimistic about our business recovery."

"Nag-umpisa po tayo sa ilang tao at ang success natin ay ating isini-share sa ating mga kasama, mga kaibigan sa idinadaos nating munting Year-End Party. At ito ay pagpapasalamat din sa ating Amang Diyos sa patuloy Niyang awa at pagmamahal sa atin, at ngayon ay buhay at malalakas tayo sa kabila ng pandemya," Mr. Turica said in a small talk on the sideline with this writer, during the party held at Casa Corazon, Barangay Sisian, Lemery, Batangas, Dec. 20.

The festive party was joyous with yummy foods, gift-giving and lots of Thanksgiving.

Sir Rolly disclosed to BantayBalita that he hired a few hands when he started the TRR Educational Supplies and today, his business has a 50-strong personnel in the whole Calabarzon area (region 4-A: Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon provinces).

"Kaya po nagpapasalamat tayo sa pagtitiwala ng publiko. Ngayon na nasa post-pandemic na tayo, we are all optimistic about our business's recovery and we better be prepared to meet the challenges sa 2023," Sir Rolly told BantayBalita.

He said he welcomes the good news that LGUs chief executives and the academic community had realized the importance of educational learning materials to help students in their pursuit of gaining more knowledge through reading books from TRR Educational Supplies.

"Sa loob kasi ng 2 years, puro module ang sistema ng pagtuturo at ngayon na nagbabalik na tayo sa face-to-face classroom teaching methods, malaki ang pag-asa natin na maibabalik natin ang kahalagahan ng pagbabasa," Sir Rolly said.

Sir Turica had expressed his sincerest thanks to all local government chief executives and the DepEd families in the Calabarzon areas for their constant support to TRR Educational Supplies.

"Maraming salamat po sa inyo, sa inyong pagtitiwala sa aming small book company. We are looking forward to a more remarkable partnership and commitment to give our students the books to improve their learning and comprehension skills," Sir Rolly said.

To Sir Turica, the DepEd superintendents, supervisors, the LGUs and all patrons of TRR Educational Supplies, Bantay Balita wishes you all a very bright future this coming 2023.

May our lives be peaceful, happy and with God's love, Mabuhay tayong lahat.













































# Kasiyahan buong Disyembre sa La Union

**ni DOMZ B. CAOILE –** May natanggap na maagang aginaldong pamasko ang mga residente ng munisipalidad ng Rosario, ayon sa iniulat ng Provincial Government of La Union Public Information Office (PGLU-PIO).

Sa isang post sa social media, pinasalamatan ni Kimberly Galinato ng Barangay Puzon, Rosario si Gov. Rafy Ortega-David sa napanalunang 50-inch LED TV sa raffle na ginanapsa Paskuhang Bayan noong Nob. 28.



*Masayang iniaabot ni Gov. Rafy Ortega-David ang isang noche buena package sa isang senior citizen/ Photo PGLU-PIO*

Super blessed siya, sabi ni Galinato na napanalunang TV set, aniya: "Maraming salamat kay Governor Rafy Ortega-David sa grand prize xxx."

Sa ginanap na raffle, may 500 indbidwal ang masuwerteng nakatanggap ng maagang pamasko, sabi ng PIO.

Namahagi rin ng regalo at noche buena package ang pamahalaaang panlalawigan sa pangununga ni Gov. Ortega-David, sa mga bata, senior citizens (SCs), person with disability (PED) at mahihirap na pamilya.

Bukod rito, nagbigay rin ng libreng libreng medical at dental services, job assistance desk, free legal assistance, real property assistance, financial assistance application, free veterinary services at free seedlings sa okasyon, sabi ng PIO ng La Union.

Tumulong din ang pamahalaang panlalaiwgan sa Pag-Ibig Fund sa naturang aktibidad.

Nagkaloob din ng pangkabuhayan showcase.

Sa kanyang social media post, sinabi ng punong lalawigan na inilalapit niyasa mga mamamayan ang serbisyo ng Kapitolyo sa bayan ng RosarioElyu A Happy Town!

Aniya: " Ramdam ko ang ligaya ng mga Kaprobinsiaan natin dito at nagagalak ako na mayroon nang programa ang PGLU na gaya neto."

Maagang pamasko ang ipinamigay ni Gov. Ortega-David sa San Fernando City at sa bayan ng Santol.

Ipinangako niya na buong buwan ng Disyembre, magbibigay ng kasiyahan ang proyektong #PaskuhangBayan sa iba-ibang bayan ng La Union at kanilang dadalhin ang mga serbisyo ng kapitolyo para sa mga mamamayan ng lalawigan.

Ayon sa PIO, hangad ni Gov. Rafy na iparamdam ang diwa ng pag-ivig, saya at pag-asa ngayong Kapaskuhan "siyang magiging daan sa pagkamit ng La Union na maging Heart of Agri-Tourism in Northern Luzon by 2025."




# The journey is very short ❤

**DR DRANI –** An elderly woman got on a bus and sat down. At the next stop, a strong, grumpy young woman climbed up and sat down sharply beside the old woman, hitting her with her numerous bags.

When she saw that the elderly woman remained silent, the young woman asked her why she had not complained when she hit her with her bags.

The elderly woman replied with a smile: '' There is no need to be rude or discuss something so insignificant, as my trip next to you is so short because I am going to get off at the next stop."

This answer deserves to be written in gold letters: '' There is no need to discuss something so insignificant, because our journey together is too short."

Each of us must understand that our time in this world is so short, that darkening with struggles, useless arguments, jealousy, not forgiving others, discontent and an attitude of constant discovery is a ridiculous waste of time and energy.

Did someone break your heart ?. Stay calm.

The trip is too short.

Did someone betray you, intimidate, cheat or humiliate you? Relax. Excuse. The trip is too short.

Did someone insult you without reason ?. Stay calm. Ignore it. The trip is too short.

Did a neighbor comment on the chat that you didn't like ?. Stay calm. Ignore him. Forgive that. The trip is too short.

Whatever the problem someone has brought us, remember that our journey together is too short.

No one knows the length of that trip. Nobody knows when it will arrive at its stop. Our trip together is too short.

We will appreciate friends and family.

Let us be respectful, kind and forgive, we will be filled with gratitude and joy, after all our trip together is very short.




Thanks for Choosing AWS (ALFFEJEN WATER SERVICES) because.. "Your health Goal is AWS Goal"

As we experiencing Severe Tropical Storm "Paeng", Filipinos are renowned for being resilient in the face of a storm. All we need to do is be vigilant, alert, social media smart, and most importantly, keep faithful to Our Almighty God.

In addition, always keep a list of emergency phone numbers handy. Remember that flood water can contaminate well water with livestock waste, human sewage, chemicals, and other contaminants that can lead to illnesses when used for drinking, bathing, and other hygiene activities. Dug wells, bored wells, and other wells less than 50 feet deep are more likely to be contaminated, even if damage is not apparent.

If your water comes from a private well that has been flooded, consider the following guidance for making water safe and for emergency water sources until you are certain your water is free of contaminants and safe to drink.

Last but not least, be sure to have an adequate supply of food and clean and safe water in a covered and sealed containers.

If you want to have a AWS CENTRALIZED WATER TREATMENT SYSTEM, simply do a private message or contact us 09279182878/09668963151.

**We Install:**

- Centralized Water Filtration System for HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Reverse Osmosis System (Purified Water Production) HOUSEHOLD, COMMERCIAL & INDUSTRIAL USE.
- Home and Office Alkaline Drinking Unit
- Alkaline, Purified, and Mineral Water Refilling station.




# P25,000 reward for info on electricity wire thieves

**by GENE TAPARAN TAN –** On his official Facebook page, 4th Cavite District Representative Elpidio 'Pidi' Barzaga Jr. has offered a P25,000 reward to anybody who could provide valuable information that would lead to the apprehension of two people who stole the electricity wire for the street lights along Daño Street in the City of Dasmarinas.

Informants should provide the names and addresses, possibly photos of the two suspects.

Congressman Barzaga shared on his FB page, the screenshots from security camera footage showing the suspects, a man and a woman, as they took the wire.

Other screenshots show the suspects crossing to the center island to carry out the theft, and walking along Aguinaldo Highway.

To see the screenshots, interested informants could visit the official social media page of Congressman Barzaga.



Rep. Pidi BARZAGA

J BROTHER'S Paluto kay Lakay

PALUTO KAY LAKAY

219 BLOCK 17 - A, BASECO PORT AREA, MANILA

FOR RESERVATION • DELIVERY • CATERING • PACK MEAL

SMART: 09102260337
GLOBE: 09353129743

PALUTOKAYLAKAYBASECO

SEAFOODS

| | w/rice (good for 1 person) | Ala Carte (good for 2-3 person) |
|---|---|---|
| Sweet & Sour Fish Fillet | 130 | 230 |
| Calamares | 120 | 200 |
| Breaded Fish Fillet | 120 | 200 |
| Breaded Fish in Butter | 120 | 200 |
| Fish Fillet Tausi | 120 | 200 |
| Fish Fillet w/ Tofu | 120 | 200 |

SEAFOODS (good for 3-4 person)

| | ALA CARTE |
|---|---|
| Squid w/ Broccoli | 200 |
| Squid w/ Ampalaya | 200 |
| Fish Fillet w/ Broccoli | 200 |
| Fish Fillet w/ Ampalaya | 200 |
| Steam Fish Fillet w/Garlic | 220 |
| Shrimp Tempura | 220 |
| Shrimp Ampalaya | 220 |
| Breaded Shrimp | 220 |
| Breaded Shrimp in Butter | 220 |
| Buttered Shrimp | 220 |
| Honey Garlic Buttered Shrimp | 220 |









## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE ROSALINO FABIAN FRANCISCO AND PURIDAD IGNACIO DE GUZMAN

NOTICE is hereby given that the estate of the late spouses **ROSALINO FABIAN FRANCISCO,** who died on April 05, 1977 at Quezon City, Philippines and **PURIDAD IGNACIO DE GUZMAN,** who died on April 22, 2001 at the City of Las Piñas, Philippines, died intestate, without Will or testament and without any outstanding debts in favor of any person to entity, left a certain parcel of land situated in the Barrio of Maliksi, Municipality of Bacoor, Province of Cavite containing an area of Two Hundred Forty-Two square meters (242sqm.) covered by (New) ORIGINAL CERTIFICATE OF TITLE NO- OCT-0000010, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 278, Page No. 57, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 12, 19 & 26, 2022**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES DIONISIO P. PADILLA AND NATIVIDAD A. PADILLA AND DOMINADOR A. PADILLA WITH WAIVER OF SHARE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **SPOUSES DIONISIO P. PADILLA,** who died intestate on April 26, 1997 at San Jose, Labrador, Pangasinan, and **NATIVIDAD A. PADILLA,** who died intestate on May 18, 2003 at San Jose, Labrador, Pangasinan, and **DOMINADOR A. PADILLA,** who died on June 9, 2018 at Veterans Memorial Medical Center North Ave., Brgy. Proj. 6, Diliman, Quezon City, the said decedents died intestate, without Will or testament and without outstanding debts in favor of any person or entity, left a parcels of land situated in Brgy. San Jose, Labrador, Pangasinan, covered by (1) Tax Declaration No. 16, Property Index No. 013-20-008-01-011, Cadastral Lot No. 6469-P, Agricultural Land Area: 1,800 sq. meters, residential: Land 640 sq. meters; and (2) Tax Declaration No. 20, Property Index No. 013-20-008-01-012, Cadastral Lot No. 6469-B, Land area: Residential 448 sq. meters, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 15, Page No. 4, Book No. XXII, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 5, 12 & 19, 2022**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 12 10.00 DECEMBER 19 - 25, 2022

## Mayor Salamat... *mula sa p.1*

ang nagkasala stin ay nd rin ho tayo patatawarin ng DIOS AMA n ns langit hinaplos ho ang puso nyo ng panginoong DIOS para magpatawad s kapwa salamat ho sa DIOS"

Sarkastiko ang komento ni Alvin Rosell na sinabi "kung sincere dapat sa plaza ang public apology.." at ayon kay Bryan Aure: "Patatawarin, pero dapat tuloy ang kaso!"

Isang residente ng Nasugbu, Batangas, si Junjun Bituin ang bumati ng ",mery xmas mayor.. napaka baet mupo talaga..isa ako sa nahanga po sayo. mayor," at idinugtong na nais niyang manirahan sa Alfonso.

Kay Ruben Perea, huwaran si Mayor Salamat bilang ama ng bayan at aniya, " Tunay na hindi nagkamali ang Alfonsenos sa pagpili sa'yo para pamunuan ang bayang ito. Mabuhay ka Mayor at loobing pangunahan ka ng Amang Diyos ...."

Napakabait, may mabuting kalooban at paghanga ang iba pang netizen sa kanilang komento tulad nina Riza Canonizado Lopez, Anjo Pagkaliwangan, Tristan Ocampo Crizaldo, Arlan Creus Digma Creus, Nida Galon, Esther Degrano Magnaye, Evelyn Gatdula Aure, Rose Elpos, Raymond Gatdula Aure.

Peace be with you, sabi ni Amorlito Jimeno kina Gredell at Cel na sinabing tama ang paghingi nila ng kapatawaran at pag-amin sa kanillang ginawang mali; at ayon kay Anna Marie Demillo Ginger na magbebenipisyo ang taong mapagpatawad sa kapwa kahit sa mga hindi humihingi ng tawad.

Panalanging sana ay umapaw ang blessing kay Mayor Salamat, sabi niLhyn'lyn Abuid "dahil kayo ay napakabuti at mapagpatawad ..."

Karangalan ng Alfonso ang alkalde, sabi ni Arnold Rosanes, gayundin ang komento nina Zeny Ronsairo, Fe de Grano,"Healing starts with asking apology, forgiveness follows. God bless po mayor"; Louie Hernandez Lanzuela na sinabi, "Yes...giv lov not only Christmas day .......must be always in lov.."

Pagpuri at pagbati ng "Merry Christmas ang sinabi nina Elsie Del, Jerald Enocillas, at ayon kay Nessa Fenol Faller, tama ang paghingi ng kapatawaran ni Gredell at Cel, at pagpapasalamat kay Mayor Salamat " for being MAPAGPATAWAD..."

"Lesson learned po Yan mayor sa iba, sabi ni Beverky Villasin Malinao sa mga mahilig mahilig manira at mag post Ng d maganda sa kapwa nila."

God bless you, sabi ni Reachel Ligaya" sa napakamababang loob nyo po Mayor Randy'; gayundin ito ang sinabi nina MJhoy DCaisip, Malou Cuadra Baurile, Linda Austria, Ghena Ortega, Garry Alvarez, Joan Dimacuha Sanjuan, Corecks Rosanes, Aron Pagkaliwangan, Marilyn Panganiban, Alma Cuadra De Grano, Pearl Alcedo, Andrea Annie Delacruz, Jun Baurile, VernieSairah Marimat, Oteth Atienza Dimapilis, at ayon kay Ariesha Avinante, "Arl n yan sa knila..dpt mag icp muna bgo magbitw ng slitang di maganda sa kapwa..." at sinabi ni Adelina Camacho, "Mayor ang taong mapagpakumbaba ay lalong pinagpapala....kayo ay huwaran at sa ganyan kayo ay lalo hahangaan...God Bless."

Samantala sa isang okasyon, masayang ibinalita ni Mayor Salamat na meron nang honoraria ang ating mga minamahal na Tanod at Lupong Tagapamayapa.

Aniya: " Kinikilala, pinahahalagahan at pinasasalamatan ko po at ng buong LGU Alfonso, Cavite ang pagod at sakripisyo ng ating mga Tanod at Lupon, kaya nararapat lang po na kahit sa simpleng halaga ay maibalik natin sa kanila ang #Responsableng Serbisyo na ibinibigay nila sa bawat barangay. Salamat po at saludo po sa inyo!"

Ibinalita rin na may pamimigay ng Dwarf Coconut Seedlings sa tulong ng Municipal Agriculture Office.

Mayroon nang 18 magsasaka po ang nabigyan at 1000 seedlings, sabi ni Mayor Salamat na sinabing ginagawa ng Pamahalaang Bayan ang abot ng makakaya upang ang lahat ng ating mga magsasaka ay mabigyan ng ganitong pagkakataon at benepisyo."

Sa huli, sinabi ng alkalde," Saludo po sa ating mga minamahal na farmers!Tuloy-tuloy po ang ating #Responsableng Serbisyo..."/ With **ELI TAPARAN II**




*Mahalaga kayo sa ating Responsableng Serbisyo sa mamamayan ng Alfonso, sabi ni Mayor Randy Salamat sa ginanap na pamimigay ng 'honoraium" sa mga Brgy. Tanod at mga Lupon ng Barangay at iba kawani ng mga Barangay ng munisipalidad.*

# Kahalagahan ng Araw ng Pagbabasa 2022






**REVANZE**

by Domz B. CAOILE

DAHIL abala tayo sa gadgets, at iba-ibang digital and online activities, dumaan ang selebrasyon ng Araw ng Pagbabasa 2022, hindi ito masyadong napagtutuunan ng pansin.

Ito pong nakaraang Nobyembre, sa pagkaalam ko ay naideklarang 2022 Pambansang Buwan ng Pagbasa, at nitong nakaraang Disyembre , ayon sa ating Vice President at concurrent DepED Secretary Sara'Inday Sara' Duterte, mahalaga na maibalik natin ang "bisyo" ng ugaling pagbasa simula sa murang edad ng ating mga batang at kabataang mag-aaral sa buong bansa.

Sa isang okasyon kaugnay ng pagdiriwang, binasa ni VP-DepED Sec. Inday Sara ang aklat na sinulat ni Sir National Artist for Literature Virgilio Almario (kilala rin sa bansag na Rio Alma) na babasahing pambata na may pamagat na "Kamatis ni Peles," Pitong Araw ng Trabaho at ang "Ang Bungtod ug Ako (The Mountain and I).

Mahalaga na maagang matutong magbasa at magsulat ang ating mga bata, sabi ni VP Inday Sara kaya nga, masigla ngayon ang DepED sa pagpapalaganap ng mga reading materials para sa lahat ng mag-aaral ng paaralang publiko at pribado.

Kaisa rito si Undersecretary for Curriculum and Instruction Dr. Gina O. Gonong na nagpahayag ng malaking suporta sa kampanya na pasiglahin ang pagbabasa sa kanyang virtual message sa selebrasyon ng 2022 National Reading Month (NMR).

Aniya, ang pagbasa ang nagsisilbing daan upang tuklasin ang malawak na mundo sa ating paligid at mas kilalanin ang sarili nating potensyal upang magsimula ng positibong pagbabago gaya ng mga paborito nating tauhan sa mga kuwento.

Kaisa po kami rito sa BantayBalita, at si Sir Rolly Turica, president and GM ng Trending Reading Reference Educational Supplies Trading (TRR Educational Supplies) sa hangarin ni VP Inday Sara na tinatawag ngayon na "Reading Ambassador" na nagtataguyod ng pagbabasa ng mga literatura, at iba pang mahahalagang babasahin upang matuto nang maaga ang mga kabataan sa pagtuklas ng karunungan na makatutulong sa paghubog sa kanila na maging mabubuting lider at mamamayan ng bansa.

Sabi uli ni Usec Dr. Gonong, mahalagang sangkap sa pagkatuto at pundasyon ng habambuhay na pagkatuto ang kaalaman at husay sa pagbasa at pag-unawa sa binabasa.

" Instrumento rin ang pagbasa sa paglinang ng mga indibidwal na kakayahan na kailangan ng sinuman upang magtagumpay sa hinaharap," sabi ni Usec. Dr. Gonong.

Kabilang sa napiling Reading Ambassadors bukod kina VP DepED Sec Inday Sara at Dr. Usec Gonong sina Usec and Chief of Staff Epimaco V. Densing III,Usec for Finance Annalyn M. Sevilla na naniniwalang sa pagbasa nagsisimula ang pagkatuto at pag-unlad ng isang individwal.

Tama si Bureau of Learning Delivery (BLD) Director Leila P. Areola na maideklara na National Reading Month tuwing Nobyembre para mapalaganap ang "Bawat Bata Bumabasa program" at matutong mahalin ang ugaling pagbasa.

Mula sa amin rito sa BantayBalita, ang aming pagpuri, paghanga at pasasalamat sa inyong adhika na maibalik sa ating mga bata at kabataan ang pagmamahal sa mga libro, iba pang babasahin pag-edukasyon.

Happy New Year po sa ating lahat!